



TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN

KAUTUSANG PANG EHEKUTIBO BLG. 2021 – 11

Serye 2021

KAUTUSANG NAGSASAILALIM SA "ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE (ECQ)" SA BAYAN NG BULAKAN MULA IKA-29 NG MARSO HANGGANG IKA-4 NG ABRIL, 2021. KAALINSABAY ANG PAG-ADOPT AT PAGPAPATIBAY SA PAGPAPATUPAD NG MGA ALITUNTUNING NAKASAAD SA EXECUTIVE ORDER NO. 10 SERIES 2021 NG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN MAY PETSANG MARSO 28, 2021.

SAPAGKAT, sa bisa ng Proclamation No. 929 ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte, ang bansang Pilipinas ay sumailalim sa "State of Calamity" at ang Presidential Proclamation No. 1021 na nagpapanatili ng Kautusang ito hanggang Setyembre 21, 2021 dahil sa banta ng 2019 Novel Coronavirus;

SAPAGKAT, ang Bayan ng Bulakan, Lalawigan ng Bulacan kabilang ang National Capital Region, Rizal, Cavite, at Laguna ay muling isinailalim sa klasipikasyong Enhanced Community Quarantine mula ika-29 ng Marso hanggang ika-4 ng Abril 2021;

SAPAGKAT, mahalaga ang agarang paghahanda at pag-iingat sa mga mamamayan upang masugpo ang paglaganap ng sakit na COVID-19 at mapigil na makapasok sa bayan ng Bulakan ang mas delikadong new variant of SARS-CoV-2 (B.1.1.7 or VUI 2020/12/01) na lumalaganap sa United Kingdom of Great Britain at Northern Ireland, at isa pang variant na natukoy sa South Africa (501.V2);

SAPAGKAT, alinsunod pa rin sa Seksyon 444, (2), (iii) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 ang Punong Ehekutibo ay may kapangyarihang mag-akda ng mga atas tagapagpaganap para sa taimtim na pagsasagawa ng mga batas at ordinansa;

SA MAKATUWID, AKO, SI VERGEL C. MENESES, Punong Bayan ng Bayan ng Bulakan, sa bisa ng kapangyarihang kaloob ng mga umiiral na Batas, ay ipinag-uutos ang mga sumusunod na panuntunan:

TUNTUNIN 1. PAGPAPATUPAD NG ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE SA BAYAN NG BULAKAN. I-adopt at pagtibayin ang pagpapatupad ng mga alituntuning nakasaad sa Executive Order No. 10 serye 2021 may petsang Marso 28, 2021 ni Igg. Daniel R. Fernando, Punong Lalawigan ng Bulacan, na nagpapaloob sa Enhanced Community Quarantine (ECQ) sa bayan ng Bulakan mula ika-29 ng Marso hanggang ika-4 ng Abril, 2021 lakip ang mga sumusunod:

- a. **Hindi pinapayagan ang Non-Essential Travels** maliban kung nabibilang sa Authorized Persons Outside their Residences (APOR) tulad ng mga sumusunod:
 1. Nangangailangan ng atensiyong Medikal.
 2. Kailangang bumili ng pangunahing pangangailangan.
 3. Kinakailangang magtungo sa paliparan upang mangibang-bansa at mga pauwing OFW.

4. Essential Workers/Health and Emergency Frontline Services Personnel
5. Duly-authorized humanitarian assistance actors
6. Opisyal ng pamahalaan at mga nagtatrabaho bilang frontline personnel.
7. Nagtatrabaho sa mga pangunahing industriya na pinapayagang magbukas.
8. Mga may pangangailangan sa trabaho at pagnenegosyo.
9. Pari, pastor, rabbis, imams at iba kategoryang pangrelihiyon

Kinakailangang Iprisinta ang pagkakakilanlan (ID) at liham na nagpapatunay ng gagawin sa pupuntahan.

- b. **Pagbabawal ng Paglabas ng Tahanan.** Hindi pinapayagan ang paglabas sa tahanan ng 18 taon pababa at 65 taon pataas, mga maykapansanan at ang mga buntis.
- c. Ang mga **establisyimento, tao, o gawain na pinapayagang magoperate,** magtatrabaho at/o magpatuloy sa panahon ng ECQ:

c.1. Full operational capacity:

Ospital na pampubliko at pribado, at iba pang-Pangkalusugang sangay nito; Gumagawa at nagtitinda ng mga gamot at iba pang suplay/gamit na pangkalusugan, at hygiene; Industriyang nagdedeliber/gumagawa para sa pagkain at gamit sa pagkain; Groserya, water refilling station at iba pa; Mahalagang Pagawaing Bayan pampubliko at pribado na pinayagan ng DPWH kabilang ang mga nagdedeliber at nagtitinda ng gamit para sa paggawa; Serbisyon pangpananalapi; At iba pang negosyo kaugnay sa outsourcing (BPOs), export-oriented business kabilang ang mining at quarrying activities.

Pamilihang Bayan at Market Day. Bukas ang Pamilihang Bayan at mga talipapa mula ika-5:00 am hanggang 5:00 pm, Lunes hanggang Sabado. At 5:00 am hanggang 12:00 nn kung araw ng Linggo para sa Disinfection Day.

- 1.a Mahigpit na tinatagubilin ang pagsunod sa health protocols, pagsusuot ng face mask at face shield, pagkuha ng temperature, pag-alcohol at iba pang gawain para maiwasan ang pagkakaroon ng Covid-19
- 1.b. Pansamantalang sinususpindi ang pagpapatupad ng Road Clearing Operations sa lugar ng talipapa mula sa oras na itinakdang bukas at/o operational ito kung nasusunod ang itinakda ng DILG Memorandum Circular No. 152.

c.2. Maximum of 50% on-site capacity:

Manggagawa para sa pahayagan at pagpapahayag (media/reporter)

c.3. Skeleton workforce:

Dentista, Beterinaryo, optometry, rehabilitation at iba pang klinikang pang-medikal (kung kinakailangan lamang/emergency cases, at susunod sa minimum health protocols); Bangko, pawnshop, microfinance institutions, kooperatiba at iba pang sangay sa pananalapi; Mga nagpapatakbo at nagsuplay na maikonsiderang sektor pang-ekonomiya (tubig, ilaw, telepono, gasolina at langis, gas at iba pa); Punerarya at trabahador nito; Security Services; Printing establishment para sa accountable forms ng BIR;

Establisyimentong laan para sa paggawa ng mga makina, komputer at iba pa; At Real estate company na limitado sa pagpapaupa lamang.

- d. **Fully Operational ang Pamahalaang Bayan** at ang lahat ng government-owned-and-controlled corporation, mga unibersidad at kolehiyo. May skeleton workforce para sa mga on-site at alternative work arrangements kung kinakailangan. Kabilang ang mga sumusunod na serbisyo:

d.1. **Municipal Entry Points/Control Points.** Pangungunahan ng Himpilan ng Pulisya katuwang ang mga Opisyal ng Barangay sa pagbabantay sa mga entry point ng Bayan ng Bulakan na nasa Barangay Taliptip, Matungao, San Francisco at Pitpitan.

d.2. **Emergency/Frontline Services.**

Bukas 24/7 ang Tanggapan ng Municipal Disaster Risk Reduction Management Office at nakahanda kung mayroong dagliang pangangailangan.

Patuloy ang testing, contact tracing, pangangalaga sa mga nagkakasakit ng COVID-19 sa Municipal COVID-19 Facility na pinamamahalaan ng Pambayang Tanggapan ng Kalusugan

Mass Vaccination on Covid-19 na prayoridad ng Pambayang Tanggapan ng Kalusugan

- e. Ang mga hotel at iba pang **establisyimentong pinayagan lamang ng Department of Tourism** ang maaaring buksan. Ang mga restaurants dapat ay **take-out at delivery** lamang. Ang café's, gyms, spas, function hall at iba pang events places ay dapat kumuha ng permiso sa DOT at IATF bago mabubuksan.
- f. **Hindi pinapayagan ang pagdaraos ng mga pagtitipon kabilang ang pangrelihiyong pagtitipon**, maliban kung ito ay virtual o online streaming lamang, hindi lalampas sa sampung (10) tao ang magsasaayos at nasunod ang minimum health protocols.
- g. **Ang pagdaraos ng kasal at binyag kung hindi maiiwasan ay nililimitahan** ang dadalo sa hindi lalampas sa Sampung (10) tao. **At ang lamay para sa namayapa** ay hanggang 2 araw lamang at hindi lalampas sa Sampung (10) tao ang maglilibing.
- h. **Pampublikong Sasakyan.** Ang ipinagpapatuloy ang pagpapatupad ng health protocols sa mga jeep at bus na hinihingi ng DOTr. At para sa mga traysikel:
- h.1. Patuloy ang paggamit ng Red and White Sticker mula Lunes hanggang Linggo base sa napagkasunduan ng Pamunuan ng TODA.
- h.2. Isang (1) pasahero lamang ang sakay, bawal ang back ride.
- i. **Pansamantalang pagpapatigil ng contact sports.** Ang mga pagbibisikleta, pagtakbo, lakad at non-contact sports na di mabibilang sa mass gatherings ang pinapayagan.

- j. **Sabungan.** Pansamantalang pagpapatigil ng operasyon ng mga Sabungan.
- k. **Curfew.** Ang "curfew hours" ay magsisimula ng ika-6:00 ng gabi hanggang ika-5:00 ng umaga ng susunod na araw, na kung saan ipinagbabawal ang paglabas ng mga mamamayan, maliban kung emergency cases, mga kabilang sa Authorized Persons Outside of Residence (APOR) at mga nagtatrabaho sa mga pinapayagang bukas na industriya; na kung saan maipapakita ang pagkakakilanlan at iskedyul sa trabaho. (Executive Order No. 10 of Gov. Fernando)
- l. **Paglilimita sa pagbisita.** Personal na pagbisita ng non-family or non-household members ay hindi pinapayagan.
- m. **Liquor Ban.** Ang pagbebenta, pagbili, pagdadala at pag-inom ng nakalalasing na inumin ay mahigpit na ipinagbabawal sa pampubliko at pampribadong lugar hanggang Abril 4, 2021.

TUNTUNIN 2. PAGSUNOD SA "MANDATORY MINIMUM PUBLIC HEALTH STANDARDS". Mahigpit na pagsunod sa pagpapanatili ng physical distancing, mga pamantayan para sa kaligtasan at kalusugan paggamit ng thermal scanner, face mask, face shield, alcohol, paghuhugas ng kamay, etiketa sa pag-ubo, at iba pang pag-iingat na dapat gawin sa loob ng establisyimento o kung nasa labas. (*Provincial Ordinance No. 84-S'2020*)

TUNTUNIN 3. PAGPAPATUPAD. Ang Himpilan ng Pulisya (PNP Bulakan), mga Punong Barangays, ang Pambayang Tanggapan ng Kalusugan (RHU) kasama ang Municipal Inter-Agency Task Force COVID-19 at Barangay Health Emergency Response Team (BHERT) ay inaataasang ipatupad ang nilalaman ng Kautusang ito.

TUNTUNIN 4. PAGLABAG AT KAPARUSAHAN O PENA. Ang sinumang tao o mga may-ari ng establisyimiento na napatunayang lumalabag sa probisyon ng kautusang ito ay may kaparusahang tulad sa mga itinakda na nakapaloob na Ordinansang Pambayan, o di kaya ay iendorso sa lokal na kapulisan dahil sa paglabag sa mga pambansang batas o kautusan sa panahon ng pandemya.

TUNTUNIN 5. SUGNAY NA NAGBUBUKLOD. Ang anumang kautusan o polisiya ang ilathala ng Pamahalaang Panlalawigan, Pamahalaang Nasyunal ay ginagawang bahagi ng atas na ito. Gayundin, ang mga pinagtibay na Pambayang Kautusan ng Sangguniang Bayan ng Bulakan patungkol sa COVID-19 pandemic.

TUNTUNIN 6. PAGKAKABISA. Ang Kautusang ito ay ipatutupad para sa pangangalaga ng mamamayan habang nasa estado ng COVID-19. At magkakabisa matapos malagdaan ng Punong Bayan.

Nilagdaan ngayong ika-28 ng Marso, 2021 sa Bayan ng Bulakan.


VERGEL C. MENESES
Punong Bayan